|--------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|
| <ul style="list-style-type: none"> <li>• Magagawang manirahan nang ligtas sa isang pasilidad ng tinutulungang pamumuhay o pampublikong may subsidiyang pabahay;</li> <li>• Handang manirahan sa isang lugar para sa tinulungang pamumuhay na matatagpuan sa isa sa mga sumusunod na county na nagbibigay ng mga serbisyo ng ALW: Mga county ng Alameda, Contra Costa, Fresno, Kern, Los Angeles, Orange, Riverside, Sacramento, San Bernardino, San Diego, San Francisco, San Joaquin, San Mateo, Santa Clara, at Sonoma.</li> </ul> |                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                              |
| California Community Transitions (CCT)                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                               | <p>\$0</p> <p>Puwede kang makakuha ng mga serbisyo sa koordinasyon ng pag-transition mula sa alinmang Organisasyong Pinapatakbo ng CCT na naglilingkod sa county kung saan ka nakatira. Makakakita ka ng listahan ng Mga Organisasyong Pinapatakbo ng CCT at county na pinaglilingkuran ng mga ito sa website ng Department of Health Care Services sa:<br/> <a href="https://www.dhcs.ca.gov/services/ltc/Documents/CCT-LO-Website-List.pdf">https://www.dhcs.ca.gov/services/ltc/Documents/CCT-LO-Website-List.pdf</a></p> |



**Kung mayroon kang mga tanong**, pakitawagan ang SFHP Care Plus sa 1(833) 530-7327 (TTY: 711). Bukas kami mula 8:00am–8:00pm, pitong araw sa isang linggo mula Oktubre hanggang Marso, sarado kami tuwing Sabado at Linggo mula Abril hanggang Setyembre. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang [sfhp.org/care-plus](https://sfhp.org/care-plus).

| Iba pang serbisyong sinasaklaw ng Medicare, Medi-Cal, o Ahensya ng Estado                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                         | Mga gastos mo                                                                                                                                                                                                                      |
|---------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|
| <p>Ilang partikular na serbisyo sa pangangalaga ng ngipin</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Makikita ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng miyembro ng Dental Managed Care (DMC) sa <a href="http://www.dental.dhcs.ca.gov/Contact_Us/DMC_Member_Contact_Information/DMCMemberContactInformation">www.dental.dhcs.ca.gov/Contact_Us/DMC_Member_Contact_Information/DMCMemberContactInformation</a>.</li> <li>• Para sa Fee-for-Service ng Medi-Cal Dental, makipag-ugnayan sa Medi-Cal Dental sa 1-800-322-6384 o bisitahin ang website sa <a href="http://smilecalifornia.org">smilecalifornia.org</a> o <a href="http://sonriecalifornia.org">sonriecalifornia.org</a>.</li> </ul> | \$0                                                                                                                                                                                                                                |
| Sinasaklaw ang ilang partikular na serbisyo sa pangangalaga sa hospisyo na wala sa SFHP Care Plus                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                 | <p>\$0</p> <p>Sumangguni sa <i>Handbook ng Miyembro</i>, Kabanata 4, para sa higit pang impormasyon tungkol sa kung ano ang binabayaran namin habang tumatanggap ka ng mga serbisyo sa pangangalaga sa hospisyo.</p>               |
| Multipurpose Senior Services Program (MSSP)                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                       | <p>\$0</p> <p>Para sa higit pang impormasyon, makipag-ugnayan sa San Francisco Department of Aging &amp; Adult Services Area Agency on Aging sa 1(415) 355-3502 o bisitahin ang <a href="http://aging.ca.gov">aging.ca.gov</a></p> |



**Kung mayroon kang mga tanong**, pakitawagan ang SFHP Care Plus sa 1(833) 530-7327 (TTY: 711). Bukas kami mula 8:00am–8:00pm, pitong araw sa isang linggo mula Oktubre hanggang Marso, sarado kami tuwing Sabado at Linggo mula Abril hanggang Setyembre. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang [sfhp.org/care-plus](http://sfhp.org/care-plus).

| Iba pang serbisyong sinasaklaw ng Medicare, Medi-Cal, o Ahensya ng Estado                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                           | Mga gastos mo                                                                                                                                                                                                   |
|-----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|-----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|
| <p>In-Home Supportive Services (IHSS)</p> <p>Tutulong ang Programa ng IHSS sa pagbabayad para sa mga serbisyong ibinigay sa iyo para manatili kang ligtas sa sarili mong tahanan. Para maging kwalipikado, dapat ikaw ay 65 taong gulang pataas, o may kapansanan, o bulag. Ang mga batang may kapansanan ay posibleng kwalipikado rin para sa IHSS. Ang IHSS ay itinuturing na alternatibo sa pangangalagang wala sa tahanan, gaya ng mga nursing home o pasilidad ng pagkain at pangangalaga.</p> | \$0                                                                                                                                                                                                             |
| Psychosocial na rehabilitasyon                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                      | \$0                                                                                                                                                                                                             |
| Mga Serbisyo ng Panrehiyong Sentro                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                  | Para sa impormasyon sa gastos, makipag-ugnayan sa Golden Gate Regional Center sa 1(415) 546-9222.                                                                                                               |
| Naka-target na pamamahala ng kaso                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                   | \$0                                                                                                                                                                                                             |
| Mga may espesyalidad na serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip at karamdaman sa paggamit ng substance                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                   | Para sa impormasyon sa gastos, makipag-ugnayan sa San Francisco Specialty Mental Health Services (SMHS). Puwedeng makipag-ugnayan sa SMHS sa 1(888) 246-3333, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. |
| Kuwarto at pagkain sa bahay na pahingahan                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                           | \$0                                                                                                                                                                                                             |



**Kung mayroon kang mga tanong**, pakitawagan ang SFHP Care Plus sa 1(833) 530-7327 (TTY: 711). Bukas kami mula 8:00am–8:00pm, pitong araw sa isang linggo mula Oktubre hanggang Marso, sarado kami tuwing Sabado at Linggo mula Abril hanggang Setyembre. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang [sfhp.org/care-plus](https://sfhp.org/care-plus).

## E. Mga serbisyong hindi sinasaklaw ng SFHP Care Plus, Medicare, at Medi-Cal

Hindi ito kumpletong listahan. Tumawag sa Serbisyo sa Customer sa mga numerong nakalista sa ibaba ng pahinang ito para malaman ang iba pang hindi kasamang serbisyo.

| Mga serbisyong hindi sinasaklaw ng SFHP Care Plus, Medicare, at Medi-Cal                                                                                                                                                                                                                                                    |  |
|-----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|--|
| Isang pribadong kuwarto sa ospital, maliban kung medikal na kinakailangan.                                                                                                                                                                                                                                                  |  |
| Operasyon sa pagpapaganda o iba pang gawain sa pagpapaganda, maliban kung kailangan ito dahil sa aksidenteng pinsala o para mapabuti ang isang bahagi ng katawan na mali ang hugis. Gayunpaman, binabayaran namin ang reconstruction ng suso pagkatapos ng mastectomy at ang paggamot ng kabilang suso para pagtugmain ito. |  |
| Mga natanggap na gamot na wala sa United States at mga teritoryo nito.                                                                                                                                                                                                                                                      |  |
| Mga elective o boluntaryong pamamaraan o serbisyo sa pagpapabuti (kasama ang pagbaba ng timbang, paghaba ng buhok, sekswal na pagganap, pang-atletang pagganap, mga layuning pampaganda, anti-aging, at pagganap ng pag-iisip), maliban kung medikal na kinakailangan.                                                      |  |
| Mga pang-eksperimentong medikal at operasyong paggamot, item at gamot maliban kung Medicare, isang klinikal na pananaliksik na pag-aaral na naaprubahan ng Medicare, o sinasaklaw ng aming plano ang mga ito. Sumangguni sa                                                                                                 |  |



**Kung mayroon kang mga tanong**, pakitawagan ang SFHP Care Plus sa 1(833) 530-7327 (TTY: 711). Bukas kami mula 8:00am–8:00pm, pitong araw sa isang linggo mula Oktubre hanggang Marso, sarado kami tuwing Sabado at Linggo mula Abril hanggang Setyembre. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang [sfhp.org/care-plus](https://sfhp.org/care-plus).

| Mga serbisyong hindi sinasaklaw ng SFHP Care Plus, Medicare, at Medi-Cal                                                                                                                                                                       |                                                                                                                                                                                                     |
|------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|-----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|
| Kabanata 3 ng iyong <i>Handbook ng Miyembro</i> para sa higit pang impormasyon sa mga klinikal na pananaliksik na pag-aaral. Ang pang-eksperimentong paggamot at mga item ay ang mga hindi pangkalahatang tinatanggap ng medikal na komunidad. |                                                                                                                                                                                                     |
| Mga bayarin na sinisingil ng iyong mga agarang kamag-anak o miyembro ng sambahayan mo.                                                                                                                                                         |                                                                                                                                                                                                     |
| Full-time na pangangalaga nang may pagkalinga sa iyong tahanan.                                                                                                                                                                                |                                                                                                                                                                                                     |
| Mga serbisyong naturopath (ang paggamit ng mga natural o alternatibong paggamot).                                                                                                                                                              |                                                                                                                                                                                                     |
| Mga sapatos na orthopedic, maliban kung bahagi ng isang leg brace ang mga sapatos at kasama sa halaga ng brace, o para sa isang taong may sakit na diabetic foot ang mga sapatos.                                                              |                                                                                                                                                                                                     |
| Mga Serbisyong Paramedic                                                                                                                                                                                                                       | Ang Mga Serbisyong Paramedic ay mga pang-emergency na medikal na paggamot na ibinibigay sa pinangyarihan ng isang paramedic. Tawagan ang iyong bulwagan ng lungsod para sa impormasyon sa coverage. |
| Mga personal na item sa iyong kuwarto sa isang ospital o pasilidad ng pagkalinga, gaya ng telepono o telebisyon.                                                                                                                               |                                                                                                                                                                                                     |



**Kung mayroon kang mga tanong**, pakitawagan ang SFHP Care Plus sa 1(833) 530-7327 (TTY: 711). Bukas kami mula 8:00am–8:00pm, pitong araw sa isang linggo mula Oktubre hanggang Marso, sarado kami tuwing Sabado at Linggo mula Abril hanggang Setyembre. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang [sfhp.org/care-plus](http://sfhp.org/care-plus).

## Mga serbisyong hindi sinasaklaw ng SFHP Care Plus, Medicare, at Medi-Cal

Ang mga inirereseta at hindi iniresetang gamot na hindi sinasaklaw ng batas

Ayon sa batas, hindi saklaw ang mga uri ng mga gamot na nakalista sa ibaba ng SFHP Care Plus, Medicare, o Medi-Cal:

- Mga gamot na ginagamit para madaling magkaanak
- Mga gamot na ginagamit para mapaginhawa ang mga sintomas ng pag-ubo o sipon
- Mga gamot na ginagamit para sa mga layuning pampaganda o para magpahaba ng buhok
- Mga inireresetang produktong bitamina at mineral, maliban sa mga prenatal na bitamina at paghahanda sa fluoride
- Mga gamot na ginagamit para sa paggamot ng sexual o erectile dysfunction
- Mga gamot na ginagamit para sa paggamot ng anorexia, pagbaba ng timbang mula sa pagtaas ng timbang
- Mga gamot para sa outpatient na ginawa ng isang kumpanya na nagsasabing dapat kang magkaroon ng mga pagsusuri o serbisyong sila lang ang gagawa

Mga pribadong nagtatrabahong nars

Mga pamamaraan sa pagbaligtad ng isterilisasyon at hindi inireresetang supply ng contraceptive

Regular na pangangalaga sa paa, maliban sa inilalarawan sa mga serbisyong Podiatry sa Chart ng Mga Benepisyo sa Kabanata 4, Seksyon D ng *Handbook ng Miyembro*.



**Kung mayroon kang mga tanong**, pakitawagan ang SFHP Care Plus sa 1(833) 530-7327 (TTY: 711). Bukas kami mula 8:00am–8:00pm, pitong araw sa isang linggo mula Oktubre hanggang Marso, sarado kami tuwing Sabado at Linggo mula Abril hanggang Setyembre. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang [sfhp.org/care-plus](http://sfhp.org/care-plus).

### Mga serbisyong hindi sinasaklaw ng SFHP Care Plus, Medicare, at Medi-Cal

Mga serbisyong ibinibigay sa mga beterano sa mga pasilidad ng Veterans Affairs (VA). Kung nakakatanggap ang isang Beterano ng mga pang-emergency na serbisyo sa ospital ng VA at mas mataas ang pagbabahagi sa gastos ng VA kaysa sa kung ano ang hinihingi ng plano, ire-reimburse namin sa Beterano ang sobrang halaga.

Operasyong paggamot para sa morbid obesity, maliban kung medikal na kinakailangan, at binabayaran ito ng Medicare.

Iba pang serbisyong itinuturing na hindi makatwiran at medikal na kinakailangan.



**Kung mayroon kang mga tanong**, pakitawagan ang SFHP Care Plus sa 1(833) 530-7327 (TTY: 711). Bukas kami mula 8:00am–8:00pm, pitong araw sa isang linggo mula Oktubre hanggang Marso, sarado kami tuwing Sabado at Linggo mula Abril hanggang Setyembre. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang [sfhp.org/care-plus](https://sfhp.org/care-plus).

---

## F. Mga karapatan mo bilang isang miyembro ng plano

Bilang miyembro ng SFHP Care Plus, mayroon kang ilang karapatan. Puwede mong gamitin ang mga karapatang ito nang hindi pinaparusahan. Puwede mo ring gamitin ang mga karapatang ito nang hindi nawawala ang iyong mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Sasabihin namin sa iyo ang iyong mga karapatan kahit man lang isang beses sa isang taon. Para sa higit pang impormasyon sa iyong mga karapatan, pakibasa ang *Handbook ng Miyembro*. Kasama sa iyong mga karapatan ang, pero hindi limitado sa, mga sumusunod:

- **May karapatan ka sa paggalang, pagiging patas, at dignidad.** Kasama rito ang karapatang:
  - o Makakuha ng mga sinasaklaw na serbisyo nang hindi inaalala ang medikal na kondisyon, katayuan sa kalusugan, pagtanggap ng mga serbisyong pangkalusugan, karanasan sa mga claim, medikal na kasaysayan, kapansanan (kasama ang kapansanan sa pag-iisip), katayuan sa pag-aasawa, edad, kasarian (kasama ang mga stereotype sa kasarian at kinikilalang pangkasarian) sekswal na oryentasyon, pinagmulang bansa, lahi, kulay, relihiyon, paniniwala, o tulong sa publiko
  - o Makakuha ng impormasyon sa iba pang wika at format (halimbawa, malaking print, braille, o audio) nang libre
  - o Hindi pisikal na pigilan o isantabi
- **May karapatan kang makakuha ng impormasyon tungkol sa iyong pangangalagang pangkalusugan.** Kasama rito ang impormasyon sa paggamot at mga opsyon mo sa paggamot. Dapat ay nasa isang wika at format na maiintindihan mo ang impormasyong ito. Kasama rito ang karapatang makakuha ng impormasyon sa:
  - o Paglalarawan ng mga serbisyong sinasaklaw namin
  - o Kung paano makakuha ng mga serbisyo
  - o Magkano ang gagastusin mo sa mga serbisyo
  - o Mga pangalan ng mga provider ng pangangalagang pangkalusugan
- **May karapatan kang magpasya tungkol sa iyong pangangalaga, kasama ang pagtanggap sa paggamot.** Kasama rito ang karapatang:
  - o Pumili ng provider ng pangunahing pangangalaga (PCP) at palitan ang iyong PCP anumang oras sa buong taon



**Kung mayroon kang mga tanong,** pakitawagan ang SFHP Care Plus sa 1(833) 530-7327 (TTY: 711). Bukas kami mula 8:00am–8:00pm, pitong araw sa isang linggo mula Oktubre hanggang Marso, sarado kami tuwing Sabado at Linggo mula Abril hanggang Setyembre. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon,** bisitahin ang [sfhp.org/care-plus](http://sfhp.org/care-plus).

- o Gumamit ng provider ng pangangalagang pangkalusugan ng kababaihan nang walang referral
- o Makuha nang mabilisan ang iyong mga sinasaklaw na serbisyo at gamot
- o Malaman ang lahat ng opsyon sa paggamot, magkano man ang mga ito o kung sinasaklaw man ang mga ito
- o Tanggihan ang paggamot, kahit na hindi ito inirerekomendang gawin ng iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan
- o Ihinto ang pag-inom ng gamot, kahit na hindi ito inirerekomendang gawin ng iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan
- o Humingi ng pangalawang opinyon. Babayaran ng SFHP Care Plus ang gastos sa iyong pagpapatingin para sa pangalawang opinyon.
- o Ipaalam ang iyong mga kahilingan sa pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng paunang direktiba
- **May karapatan ka sa napapanahong pag-access sa pangangalaga na walang anumang hadlang sa pakikipag-ugnayan o pisikal na access.** Kasama rito ang karapatang:
  - o Makakuha ng napapanahong medikal na pangangalaga
  - o Pumasok at lumabas sa tanggapan ng isang provider ng pangangalagang pangkalusugan. Tumutukoy ito sa walang hadlang na pag-access para sa mga taong may mga kapansanan, alinsunod sa Americans with Disabilities Act.
  - o Magkaroon ng mga interpreter na tutulong sa pakikipag-ugnayan sa iyong mga provider ng pangangalagang pangkalusugan at sa plano mo sa kalusugan
- **May karapatan kang humingi ng pang-emergency at agarang pangangalaga kapag kailangan mo ito.** Nangangahulugan itong may karapatan kang:
  - o Makakuha ng mga pang-emergency na serbisyo nang walang paunang awtorisasyon sa isang emergency
  - o Gumamit ng wala sa network na provider ng agaran o pang-emergency na pangangalaga, kung kinakailangan



**Kung mayroon kang mga tanong,** pakitawagan ang SFHP Care Plus sa 1(833) 530-7327 (TTY: 711). Bukas kami mula 8:00am–8:00pm, pitong araw sa isang linggo mula Oktubre hanggang Marso, sarado kami tuwing Sabado at Linggo mula Abril hanggang Setyembre. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon,** bisitahin ang [sfhp.org/care-plus](http://sfhp.org/care-plus).

- **May karapatan ka sa pagiging kumpidensyal at pagkapribado.** Kasama rito ang karapatang:
  - o Makahingi at makakuha ng kopya ng iyong mga medikal na rekord sa paraang mauunawaan mo at hilingin na baguhin o itama ang mga rekord mo
  - o Panatilihin pribado ang iyong personal na impormasyon sa kalusugan
- **May karapatan kang maghain ng reklamo o mag-apela ng tinanggihan, naantala, o binagong serbisyo, pakitingnan ang seksyon G sa ibaba.** Kasama rito ang karapatang:
  - o Maghain ng reklamo o karaingan laban sa amin o sa aming mga provider
  - o Iapela ang ilang partikular na desisyong ginawa namin o ng aming mga provider
  - o Maghain ng reklamo sa California Department of Managed Health Care (DMHC) sa pamamagitan ng toll-free na numero ng telepono (1-888-466-2219), o linya ng TDD (1-877-688-9891) para sa may kapansanan sa pandinig at pananalita. Ang website ng DMHC ([www.dmhc.ca.gov](http://www.dmhc.ca.gov)) ay may mga form ng reklamo, form ng aplikasyon sa Independenteng Pagrerepasong Medikal (IMR), at tagubilin online.
  - o Humiling sa DMHC ng isang IMR ng mga medikal na serbisyo o item ng Medi-Cal
  - o Humiling ng Pagdinig ng Estado
  - o Makakuha ng detalyadong dahilan kung bakit tinanggihan ang mga serbisyo at humingi ng mga libreng kopya ng lahat ng impormasyong ginamit sa paggawa ng desisyon

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan, puwede mong basahin ang *Handbook ng Miyembro*. Kung mayroon kang mga tanong, puwede kang tumawag sa Serbisyo sa Customer ng SFHP Care Plus sa mga numerong nakalista sa ibaba ng pahinang ito.

Puwede mo ring tawagan ang espesyal na Ombudsman para sa mga taong may Medicare at Medi-Cal sa 1-855-501-3077, Lunes hanggang Biyernes, sa pagitan ng 9:00am at 5:00pm, o Medi-Cal Office of the Ombudsman 1-888-452-8609, Lunes hanggang Biyernes, sa pagitan ng 8:00am at 5:00pm.



**Kung mayroon kang mga tanong,** pakitawagan ang SFHP Care Plus sa 1(833) 530-7327 (TTY: 711). Bukas kami mula 8:00am–8:00pm, pitong araw sa isang linggo mula Oktubre hanggang Marso, sarado kami tuwing Sabado at Linggo mula Abril hanggang Setyembre. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon,** bisitahin ang [sfhp.org/care-plus](http://sfhp.org/care-plus).

---

## G. Paano maghain ng reklamo o mag-apela ng tinanggihan, naantala, o binagong serbisyo

Kung mayroon kang reklamo o sa palagay mo ay maling tinanggihan, naantala, o binago ang isang serbisyo ng SFHP Care Plus, tumawag sa Serbisyo sa Customer sa mga numerong nakalista sa ibaba ng pahinang ito. Puwede ka ring magsumite ng reklamo sa pamamagitan ng sulat sa SFHP Care Plus, Attn: Grievance Coordinator, P.O. Box 194247, San Francisco, CA 94119-4247. Posibleng maiapela mo ang aming desisyon.

Para sa mga tanong tungkol sa mga reklamo at apela, puwede mong basahin ang **Kabanata 9** ng *Handbook ng Miyembro*. Puwede ka ring tumawag sa Serbisyo sa Customer ng SFHP Care Plus sa mga numerong nakalista sa ibaba ng pahinang ito.

May anim (6) na paraan para maghain ng karaingan, apela, o reklamo.

1. Online sa pamamagitan ng pagbisita sa [sfhp.org/care-plus](http://sfhp.org/care-plus)
2. Tumawag sa Serbisyo sa Customer ng SFHP Care Plus nang toll-free sa 1(833) 530-7327 (TTY: 711). Bukas kami mula 8:00am–8:00pm, pitong araw sa isang linggo mula Oktubre hanggang Marso, sarado kami tuwing Sabado at Linggo mula Abril hanggang Setyembre.
3. Puwede ka ring personal na maghain ng karaingan. Ang address ng aming Sentro ng Serbisyo ay 550 Kearny Street, Lower Level, San Francisco, CA 94108. Ang mga oras ng operasyon ay Martes at Huwebes 8:30am–5:00pm, Miyerkules 8:30am–4:00pm (sarado nang 3:00pm tuwing ika-3 Miyerkules ng buwan).
4. Sa pamamagitan ng sulat sa SFHP Care Plus, Attn: Grievance Coordinator, P.O. Box 194247, San Francisco, CA 94119-4247.
5. Puwede ka ring maghain ng karaingan nang direkta sa opisina ng iyong doktor. Kailangan ang iyong pahintulot sa mga karaingan at apelang inihain ng provider o iba pang third party sa ngalan mo. Kung maghahain siya ng karaingan o apela sa ngalan mo, mangyaring patawagin ang provider o third-party sa Serbisyo sa Customer ng SFHP Care Plus nang toll-free sa 1(833) 530-7327 (TTY: 711). Bukas kami mula 8:00am–8:00pm, pitong araw sa isang linggo mula Oktubre hanggang Marso, sarado kami tuwing Sabado at Linggo mula Abril hanggang Setyembre.



**Kung mayroon kang mga tanong**, pakitawagan ang SFHP Care Plus sa 1(833) 530-7327 (TTY: 711). Bukas kami mula 8:00am–8:00pm, pitong araw sa isang linggo mula Oktubre hanggang Marso, sarado kami tuwing Sabado at Linggo mula Abril hanggang Setyembre. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang [sfhp.org/care-plus](http://sfhp.org/care-plus).

6. Para sa mga reklamo, karaingan, at apela, puwede mo ring gamitin ang proseso ng Independenteng Pagrerepasong Medikal (IMR) at Reklamo ng Department of Managed Health Care sa pamamagitan ng:

Telepono: 1-888-466-2219

TTY: 1-877-688-9891

Online: [www.dmhc.ca.gov](http://www.dmhc.ca.gov)

Ang website ng DMHC ay may mga form ng reklamo, form ng aplikasyon sa IMR, at tagubilin online.

---

## H. Ano ang gagawin kung sa palagay mo ay may panloloko

Matapat ang karamihan sa mga propesyonal at organisasyon sa pangangalagang pangkalusugan na nagbibigay ng mga serbisyo. Sa kasamaang-palad, posibleng may ilang hindi matapat.

Kung sa palagay mo ay may ginagawang mali ang isang doktor, ospital, o iba pang parmasya, mangyaring makipag-ugnayan sa amin.

- Tumawag sa amin sa Serbisyo sa Customer ng SFHP Care Plus. Ang mga numero ng telepono ay ang mga numerong nakalista sa ibaba ng pahinang ito.
- O, tumawag sa Sentro ng Serbisyo sa Customer ng Medi-Cal sa 1-800-541-5555. Puwedeng tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-800-430-7077.
- O, tumawag sa Medicare sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227). Puwedeng tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-877-486-2048. Puwede mong tawagan ang mga numerong ito nang libre.



**Kung mayroon kang mga tanong**, pakitawagan ang SFHP Care Plus sa 1(833) 530-7327 (TTY: 711). Bukas kami mula 8:00am–8:00pm, pitong araw sa isang linggo mula Oktubre hanggang Marso, sarado kami tuwing Sabado at Linggo mula Abril hanggang Setyembre. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang [sfhp.org/care-plus](http://sfhp.org/care-plus).



Medicare + Medi-Cal, Pinadali para sa Iyo.

[sfhp.org/care-plus](https://sfhp.org/care-plus)

**Kung mayroon kang mga pangkalahatang tanong o tanong tungkol sa aming plano, mga serbisyo, lugar na pinagseserbisyuhan, pagsingil, o Mga ID Card ng Miyembro, pakitawagan ang Serbisyo sa Customer ng SFHP Care Plus:**

**1(833) 530-7327**

Libre ang mga tawag sa numerong ito. Bukas kami mula 8:00am–8:00pm, pitong araw sa isang linggo mula Oktubre hanggang Marso, sarado kami tuwing Sabado at Linggo mula Abril hanggang Setyembre. Mayroon ding mga libreng serbisyo ng interpreter ng wika ang Serbisyo sa Customer na magagamit ng mga hindi nagsasalita ng English.

**711 (TTY)**

Kailangan ng numerong ito ng espesyal na kagamitan ng telepono at para lang ito sa mga taong nahihirapang makarinig o makapagsalita.

Libre ang mga tawag sa numerong ito. Bukas kami mula 8:00am–8:00pm, pitong araw sa isang linggo mula Oktubre hanggang Marso, sarado kami tuwing Sabado at Linggo mula Abril hanggang Setyembre.

---

**Kung kailangan mo ng agarang pangangalaga sa kalusugan ng pag-uugali, pakitawagan ang Linya para sa Krisis ng County ng San Francisco:**

**1(415) 781-0500 o 1(415) 227-0245 (TTY)**

Available ito nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

Puwede ka ring magpadala ng text message sa **1(415) 200-2920**.

Mayroon ding mga libreng serbisyo ng interpreter ng wika ang SFHP Care Plus na magagamit ng mga hindi nagsasalita ng English.

National Suicide Prevention Lifeline: **988**

## I-follow Kami sa Social Media



Facebook  
[@sanfranciscohealthplan](https://www.facebook.com/sanfranciscohealthplan)



YouTube  
[@sanfranciscohealthplan](https://www.youtube.com/sanfranciscohealthplan)



Instagram  
[@sfhealthplan](https://www.instagram.com/sfhealthplan)



Threads  
[@sfhealthplan](https://www.threads.net/@sfhealthplan)